| Aralin 2 | الدرس الثاني |
|---|---|

## Ilang Alituntunin Hinggil sa Najásah

1. Ang lahat ng uri ng dugo ay najis pati na ang dugo ng regla at nifás (pagdurugo ng bagong panganak). Ang dugo ng mga maliit na insekto gaya ng langaw, surot, at iba pa ay hindi najis. Hindi nagiging najis ang kasuutan o bahagi ng katawan na natalsikan ng mga maliit na patak ng dugo ng tao at hayop.
2. Ang dumi ng tao, ihi, nana, at suka ay najis.
3. Najis ang ihi at dumi ng hayop na bawal kainin sa Islam.[1]
4. Ang *wady* at ang madhy[2] ay kapwa najásah na kailangang hugasan at labhan ang bahagi ng katawan at kasuutan na nakapitan nito. Ang maníy (*semen*) ay ṯáhir ngunit mainam na hugasan kapag ito ay basa pa at kuskusin kapag tuyo na.
5. Kapag nakapitan ng isang bagay na hindi malaman kung ito ay najis o hindi, hindi na kailangang usisain pa ito o hugasan pa.
6. Kapag matapos magsagawa ng s̲aláh ay may nakitang nají-sah sa katawan o damit, ngunit hindi nalaman iyon bago nagsagawa ng s̲aláh o nalalaman nga ngunit nakalimutan, ang s̲aláh ay tanggap pa rin.
7. Kung hindi makita ang kinapitan ng najásah sa damit, ka-ilangang labhan o hugasan ang buong damit.

## Mga Paraan ng Pag-aalis ng Najásah

1. **Mula sa katawan at damit.** Hugasan ng tubig hanggang sa walang makitang marumi. Kung mahirap alisin ang lahat ng dumi at may bahagyang bahid na maiiwan sa damit matapos labahan, maaari na ito. Ang halimbawa ng gano-ong bahid na nananatili ay ang mantsa ng mga nilabhang may dugo. Kung hindi alam ang dahilan ng pagkabasa ng kasuutan lalo na sa gabi, hindi dapat mabahala o sumang-guni pa tungkol dito.
2. **Mula sa Sapatos.** Nililinis sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelas sa lupa o sa pamamagitan ng pagkuskos ng mga suwelas sa isa't isa hanggang sa walang makitang marumi.

---

[1] Bagamat ang ihi at dumi ng hayop na ang laman ay pinahihintulutang kainin sa Islam ay hindi najis, itinatugibilin pa ring hugasan ang bahagi ng katawan at kasu-utan na nakapitan nito.

[2] Ang wady ay likidong lumalabas sa ari ng tao: bata man o matanda, lalaki man o babae. Ito ay kulay puti at kadalasan ay malapot. Karaniwan itong lumalabas matapos umihi o magbuhat ng mabigat. Ang madhy ay likidong kadalasan ay malagkit at hindi malapot. Inilalabas ito ng lalaki at babae na nasa wastong gulang sa sandali ng matinding pagnanasang seksuwal.